



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 49

Serye 2020

KAUTUSANG NAGPAPALAWIG NG PAGPAPATUPAD NG "MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (MGCQ)" SA BAYAN NG BULAKAN, BULACAN MULA IKA-1 HANGGANG IKA-31 NG ENERO 2021.

SAPAGKAT, ang Bansang Pilipinas ay patuloy na sumasailalim sa *State of Public Health Emergency* sa bisa ng *Proclamation No. 922* ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte simula Marso 8, 2020, upang mapigilan at masugpo ang paglaganap ng Covid-19;

SAPAGKAT, noong Marso 16, 2020 ay idineklara ni Pangulong Duterte ang *Proclamation No. 929* na nasa estado ng kalamidad ang Pilipinas dahil sa banta ng COVID-19 pandemic na nagresulta ng pagpapaloob sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) ng buong Luzon;

SAPAGKAT, ang bayan ng Bulakan ay sumailalim sa iba't ibang klasipikasyong pang kuwarantina na kung saan ang pinakahuli ay ang deklarasyon ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong Disyembre 29, 2020 na kabilang sa muling sumasailalim sa Modified General Community Quarantine (MGCQ) mula 01 hanggang 31 ng Enero, 2021;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at pagpapatupad ng mga ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umilral na Batas, ay ipinag-uutos ang sumusunod:

TUNTUNIN 1. PAGTATAKDA NG PANAHOON NG MGCQ. Ipinagpapatuloy ang pagpapatupad ng Modified General Community Quarantine (MGCQ) sa Bayan ng Bulakan, mula ika-1 hanggang ika-31 ng Enero, 2021 hangga't ito ay hindi pinahihinto ng mga ahensyang pangnasyunal na namamahala sa pangkomunidad na kuwarantina.

TUNTUNIN 2. MGA ALITUNTUNIN. Ang naunang inilabas na Executive Order No. 46 may petsang Setyembre 30, 2020 na nagsasaad ng mga alituntunin tulad ng pag-iingat sa kalusugan at iba pa para sa maayos na pagpapatupad ng MGCQ sa bayan ng Bulakan ay inilalakip bilang bahagi ng Kautusang na magsisilbing gabay sa pagpapatupad.

TUNTUNIN 3. PAGPAPATUPAD NG CONTAINMENT STRATEGIES. Kung kinakailangan ay gagamitin at ipatutupad ang isinasaad ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 30 Serye 2020 may petsang Hulyo 15, 2020 o ang "Zoning Containment Strategies" sa mga lugar na kumpirmadong mataas at lagapan ang nagkasakit ng COVID-19 base sa kumpirmasyon ng Regional IATF.

TUNTUNIN 4. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic.

TUNTUNIN 5. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-30 ng Disyembre, 2020 sa Bayan ng Bulakan, Bulacan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan